TORONTO

Geoff Rathbone
General Manager

Richard Butts, Deputy City Manager

Solid Waste Management Services
25th Floor, East Tower
City Hall, 100 Queen St. W.
Toronto ON M5H 2N2

Tel: (416) 338-2010
E-mail: accesstoronto@toronto.ca

Bagong Tuntunin ng Lungsod – Plastic Retail Shopping Bags

May layunin ang Lungsod ng Toronto na bawasan nang 70% ang basurang napupunta sa tambakan. Para mabawasan ang dami ng plastic bag at mahikayat ang paggamit ng muling nagagamit na bag/basurahan, ang mga manininda sa Lungsod ng Toronto ay oobligahing sumingil ng minimong halaga na 5 sentimos bawat plastic bag na hihingin ng kostumer sa kahera, mula Hunyo 1, 2009. Ang mga rekisitong ito ay saklaw ng bagong **Municipal Code Chapter 604, Packaging bylaw** ng Lungsod na inaprubahan ng Toronto City Council sa pulong nito noong Marso 31, 2009. Ang inaprubahang tuntunin ay mababasa sa website ng Lungsod sa: http://www.toronto.ca/legdocs/bylaws/2009/law0356.pdf

IMPORTANTE: Kung kayo'y kinatawan ng isang punong tanggapan, pakipasa ang impormasyong ito sa inyong indibidwal na mga tindahan. Kung kayo naman'y wala sa negosyo ng pagtitinda o pagtitingi, huwag pansinin ang impormasyong ito.

Ganito ang epekto ng tuntunin sa mga magtitingi sa Toronto:
Epektibo sa Hunyo 1, 2009:

- Dapat sumingil ang mga manininda ng minimum na limang sentimos para sa bawat plastic retail shopping bag na hinihingi ng kostumer para sa kanilang pinamili; kung hindi naman inaalok ang plastic retail shopping bag, kailangang mag-alok ng libreng alternatiba ang manininda (i.e., papel na supot, o cardboard na kahon).

- Kailangan ng mga karatulang malinaw na nakapaskel sa checkout para ipaalam sa mga kostumer ang rekisito ng Lungsod na singilin ang mga kostumer kung saan sila nakapamili at magbabayad na, para sa bawat plastic retail shopping bag na hihingin nila.

- Ang singil sa plastic retail shopping bag, kasama ang bilang ng bag na ginamit ng kostumer at ang kabuuang presyong siningil, ay dapat na nakatala sa resibo (kung mayroong ibinigay).

- Dapat tanggapin ng manininda ang paggamit ng anumang muling gagamiting lalagyan (hal., mga bag na tela, kaban, kahon) na dala ng mga kostumer para paglagyan ng kanilang mga binili, sa halip na plastic retail shopping bag.

May karapatan ang mga manininda sa perang nakolekta mula sa paniningil para sa plastic bag, hindi ipinapasa ang perang ito sa Lungsod ng Toronto. Habang hindi itinatakda ng Lungsod kung anong dapat gawin ng manininda sa perang ito, sinusuportahan nito ang paglalagay ng pondo sa lokal na mga inisyatiba ng mga komunidad o para sa pangangalaga ng kapaligiran.

Naglabas ang Lungsod ng Toronto ng upisyal na mga paunawa tungkol sa singil para sa plastic shopping bag sa tatlong anyong may iba't ibang sukat (postcard – 3 ½ pulgadang lapad x 6 ¾ pulgadang taas; sticker - 4 pulgada x 5 pulgada; poster – 8.5 pulgada x 11pulgada), na makukuha ng mga manininda nang libre.

(may kasunod pa)

Dalawang paunawang postcard ang kasama sa inyong pakete ng impormasyon. Mga dagdag na paunawa sa bawat isa sa mga anyong nabanggit ay makukuha mula sa Lungsod sa mga lokasyong nakalista sa ibaba at posibleng mula sa sariling asosasyon ng inyong industriya o negosyo, kung kasapi kayo ng isa. Makakakuha rin kayo ng graphic file nito na maaaring i-download at iimprenta ng m ga manininda mula sa website ng Lungsod.

Mga lokasyon sa lungsod kung saan makakakuha pa ng mga paunawa (sa information desk sa lobby)

- Toronto City Hall, 100 Queen St. W., Main floor, Monday – Friday 8:30 nu – 4:30 nh
- Scarborough Civic Centre, 150 Borough Dr., Main floor, Monday – Friday 8:30 nu – 4:30 nh
- North York Civic Centre, 5100 Yonge St., Main floor, Monday – Friday 8:30 nu – 4:30 nh
- East York Civic Centre, 850 Coxwell Ave., Main floor, Monday – Friday 8:30 nu – 4:30 nh
- Etobicoke Civic Centre, 399 The West Mall, Main floor, Monday – Friday 8:30 nu – 4:30 nh

Ilagay ang mga paunawa sa mga lugar na kitang-kita, agad na matatanaw ng mga kostumer.

Para sa mga maninindang gumagamit ng sarili nilang paunawa, inoobliga ng Lungsod na magkaroon sa inyong tindahan, sa minimum, ng isang paunawang litaw na litaw at madaling makikita ang buong titulo ng tuntunin: **The City of Toronto Municipal Code Chapter 604, Packaging**.

Kasama rin sa tuntunin (Section 4 ng Chapter 604), epektibo Hunyo 1, 2010:

- Pagbabawalan ang mga manininda na mag-alok o magbigay sa mga kostumer ng mga plastic bag na hindi umaayon sa recycling program ng Toronto (e.g., biodegradable plastic bags, compostable plastic bag o plastic bag na may metal detailing o grommets, lubid o matigas na plastic na hawakan).

Ang mga kagawad na inatasan sa dibisyon ng Lungsod para sa Municipal Licensing and Standards ang magiging responsable para sa edukasyon at implementasyon kaugnay ng tuntuning ito.

Kung kailangan pa ninyo ng dagdag na impormasyon, mangyaring tingnan ang website ng Lungsod sa www.toronto.ca/5centbag
Kasama sa website ang isang seksyon para sa mga Tanong at Sagot. Kung kayo'y may matingkad pang mga tanong, tumawag sa 416-338-2010 o mag-email sa accesstoronto@toronto.ca

Inaanyayahan din naming kayong alamin ang iba't ibang hakbang na ginagawa ng Toronto para tulungan ang mga negosyong nakatukoy sa kalakip na brochure *Toronto Helps Business*.

Tapat na sumasainyo,

Geoff Rathbone
General Manager
Solid Waste Management Services

Michael Williams
General Manager
Economic Development, Culture & Tourism

Mga kalakip (dalawang paunawang postcard at brochure)

May tanong tungkol sa bagong tuntunin ng Toronto hinggil sa plastic shopping bag?

Tumawag sa 416-338-2010 www.toronto.ca/5centbag